

1

Nakatingin si Alli sa dalawang nakatatandang kapatid habang parehong may binabasa ang mga ito sa iisang folder. Ang Ate Anj niya ang may hawak niyon samantalang nakikitingin naman ang kanyang Kuya Tony. The folder contained the very comprehensive and very interesting resumé of the last applicant that they would interview that morning. Dalawang linggo na silang nag-i-screen ng mga aplikanteng pumasa sa exams at initial interview na ibinigay ng HR ngunit hanggang sa mga sandaling iyon ay wala pa silang mai-consider man lang para sa palagian na ay nababakanteng posisyon bilang executive assistant niya.

He didn't mind when those who came in for the interview openly checked him out. Ngunit nakikita iyon ng mapanuring mga mata ng kanyang mga kapatid. Magpakita lang ng kaunting interes o magtagal nang kaunti ang tingin sa kanya ng aplikante ay tinatapos na ng mga ito ang interview. At the moment, his two siblings were taking their sweet time going through the present applicant's CV.

Parehong may mahahalagang posisyon sa

kompanya ang mga kapatid niya. Angelika or Anj was the president and chief executive officer while Anthony or Tony was the general manager in their interior design company. Siya ang chief operations officer.

Alli was a busy man and he needed a smart, efficient and highly-focused assistant. He thrived on beating a number of deadlines and getting the work done. Kaya naman sa pagkakataong ito, gusto niyang siguruhin na magtatagal sa kanya ang magiging future EA niya.

Ang resumé na binabasa ngayon ng mga kapatid ang pinaka-promising so far sa lahat ng mga aplikante nila. Kakatwa ngunit impressive ang nakalagay roon.

The resumé belonged to a certain Julianna Rizal, who actually looked delicately pretty on the two-by-two photo that was attached to the said document. Maputi ang kulay ng balat nito, hanggang balik at ang buhok na may humaba nang side bangs. Hugis-almond ang may kalakihang mga mata ng babae, tama lamang ang tangos ng ilong, magaganda ang mga labing tila bahagya lang nilagyan ng lipstick sa picture. Her chin was slightly pointed giving her a confident and self-assured aura. The way she looked at the camera seemed to say that she was tough and

had gone through so much.

And those things in her resumé...

“She completed a general electrician course and an auto mechanics course, both on full scholarship bago siya nag-college. She probably used those skills to get jobs for her degree. Limang taon niyang kinuha ang Management sa PUP, and she was on the Dean’s list.” Halatang impressed si Anj sa aplikante.

Ganoon din ang naramdaman niya nang mabasa iyon. Hindi niya ma-imagine ang magandang mukhang iyon na nagkukutingting ng appliances o puno ng grasa matapos manggaling sa ilalim ng kinukumpuning sasakyan.

“And check out her other skills—computer repair, cellphone servicing, carpentry... at ang mga interes niya sa buhay also revolves around the same stuff. Nakakaloka naman ang babaeng ito!” anang kanyang Kuya Tony, na hindi niya masisikmurang tawaging ‘Ate’ rin bagaman tanggap niyang bading ito. Naiiling ngunit halatang curious din ito kay Julianna. “Her work background is quite impressive. Gusto ko kung paanong may mga annotations siya tungkol sa bawat kompanya pati na ang dahilan kung bakit hindi na siya nagtatrabaho doon. Gusto ko kung paano siya mag-express ng disgusto sa sistema ng dalawang

huli niyang employers in such an eloquent, articulate manner.”

Napatangu-tango siya. “Yes, she’s quite good wih words and I admire the attitude toward those previous employers as expressed in those annotations. Ayos din ang pagkakagawa niya ng resumé. Mukhang hindi iyan generic. It’s like she made it specifically to get this job and to show us that she’s right for it.”

Pinaikot ni Tony ang mga mata. “Don’t be so sure. Remember Isabelle, ’yung *magna cum laude* sa *La Salle* at *cum laude* nang mag-MA sa *Ateneo* pero naging stalker mo? Hindi porke impressive ang credentials matino na.”

“Don’t forget Georgina, ’yung mukhang manang na librarian na graduate ng *Assumption* na naghubad sa harap mo huwag mo lang siyang paalisin?” dagdag pa ni Anj na hindi maitago ang pinaghalong disgusto at amusement sa boses at ekspresyon ng mukha.

Alli held both of his hands up. “Fine, so we shouldn’t be so impressed. Pero sana lang siya na ang hinahanap natin. Tambak na ang mga kailangang gawin at naaawa na ako sa sekretarya ko at sa mga sekretarya ninyong hinihiram ko minsan. They’re already neck-deep in paperwork.” Pinindot niya ang intercom at kinausap ang recruitment officer na nasa

labas lang at kasama marahil ng kanilang huling interviewee for the day. “Tita Mandy? We’re ready. Please send her in.”

Julianna took a deep breath. Kaninang pinapasok siya sa malawak na boardroom ay confident na confident siya. Ni hindi siya nag-buckle nang batiin isa-isa ang mga taong dinatnan doon. Maayos din siyang nakipagkamay sa mga ito at hindi siya nakadama ng pagka-intimidate nang makipagkilala. Ni hindi rin siya nailang nang tila sadyang pinagtagal at bahagyang hinigpitan pa ni Alli ang pakikipagkamay sa kanya. Tinaasan pa nga niya ito ng kilay. Ramdam din niya na tila sinusuri siya ng mga kapatid nito. Pero kahit tila naninindak ang magkakapatid ay mukha ring mababait ang mga ito.

Ang nakapagtataka, bagaman si Allistair ang mukhang pinakamabait sa tatlo ay ito rin ang talagang nagbibigay sa kanya ng kaba. Gayunpaman ay hindi siya nag-iiwas ng tingin dito. She bravely met his soulful hazel eyes even though deep inside she wanted to bolt and go home. Nate-tense siya dahil may tatlong minuto na siguro siyang nakaupo ay hindi pa nagsasalita isa man sa mga ito matapos ang maikling batian. May mali kaya sa pagkakaupo

niya? Derecho lang siya, hindi naka-cross legs. Nasa kandungan ang mga kamay na magkasalikop at nakalapat ang likod sa sandalan ng high back chair.

“What actions did you take against your sleazy former boss, Miss Rizal?” walang babalang tanong ni Allistair na bagaman narinig niya nang maayos ay tila nagpaalog naman sa utak niya.

Hindi niya inaasahan ang tanong na iyon.

Huminga siya ng malalim. “Well, before I could hand in my resignation and filled out exit form, he managed to catch me while I was saving a file on my computer. He was being a sleazebag, as usual, before I could react he already had one on my...” Saglit siyang tumingin sa halos di pansining dibdib bago muling tumingin sa magkakapatid, na lahat ay matamang nakikinig sa kanya.

Bahagyang nangungunot ang noo ni Allistair at nakita niyang napatingin din ito sa dibdib niya. Agad itong namula nang ibalik niya ang tingin dito. Gusto niyang matawa sa reaksiyon ng lalaki.

“At dahil doon, tumayo ako at inupakan siya. Hindi ko nabasag ang mukha ni Mr. Lopez pero nabigyan ko naman siya ng black eye. Nang mukhang nahilo siya sa impact ng suntok ko, sinabunutan ko

siya at hinila sa dingding ng opisina, made of high quality glass, at inuntog siya doon nang tatlong beses. Iniwan ko siyang nakasalampak sa carpet at halos walang malay, bago ko kinuha ang mga gamit ko at nagmartsa papunta sa HR. Those were the actions I took against my sleazy former boss. Aksyon talaga.” Bahagya siyang ngumiti sa mga ito, na noon ay mangha nang nakatingin sa kanya.

“Wow...” sabi ni Angelika. Kita sa mukha nito ang paghanga sa ginawa niya. “If you ask me, he deserves to be thrown out of the bulding.”

“Hindi ka nagsumbong sa mga pulis?” tanong ni Allistair.

“Kasama ng resignation letter at exit form ang kopya ng complaint at statement ko sa pulisya. I also mailed a copy to the higher-ups,” sagot niya.

Napatangu-tango ang lalaki. “That’s good.” Hinimas nio ang baba. “And what automotive course did you particularly master?” buwelo nito.

“Auto body and auto engine mechanics, diesel engine mechanics and basic car maintenance,” sagot niya.

“You’re... hindi ko intensyong mang-insulto pero wala sa hitsura mo ang magkakainteres sa ganoong

klase ng kaalaman. You could have taken other short courses, why those?” marahang tanong muli ni Allistair. Tila iyon din ang gustong itanong ng mga kapatid nito.

“Why not?” balik-tanong niya. “Praktikal at madaling magamit o mahanapan ng trabaho ang mga ganoong klase ng skills. Hindi naman ako takot madumihan.”

“That’s good to know. Hindi ka literal na madudumihan sa pagiging EA pero posibleng may maduduming budhi ang ilang taong makakasalamuha mo. How are your people skills?” Si Tony ang nagtanong.

“Pretty good, despite the fact that I did beat up my old boss. The list of my character references can attest to that.”

“Will you please stand up, Miss Rizal?” ani Angelika. Tumayo rin ito.

Tumayo siya. Paaalisin na ba siya? Tapos na ba ang interview? Hindi ba siya tanggap? Nakita niyang tila pinag-aaralan ng babae ang ayos niya, gayundin ang dalawang kapatid nito. Tama ba ang suot niya? Hindi naman siya overdressed. Straight cut na slacks na kulay slate grey at cream na pinstriped button

down polo shirt ang suot niya. Tama lang ang hapit ng mga iyon sa kanyang katawan. Ankle boots na itim ang sapatos niya. Relong panlalaki na may black leather strap at isang simpleng silver na kuwintas na may cross pendant ang tanging accessories niya. Nakalugay lang ang buhok niyang maayos na sinuklay. Her side bangs were kept to the left. Face powder at pink lip gloss lang ang inilagay niya sa mukha. Her look was gender neutral and appropriate.

Bagaman may pag-aalinlangan at medyo kinakabahan ay alam niyang ayos ang naging interaksyon niya sa mga kaharap. Inisip niya kung masyado ba niyang tinitingnan si Allistair na maaaring magbigay rito at sa mga kapatid nito ng impresyon na nagpapa-cute siya o nabighani agad rito. Ngunit wala naman siyang nakitang kakaibang reaksiyon sa mga ito na nagsasabing may ibang iniisip ang tatlo. She knew she did well. Ang mas mahirap basahin ay si Allistair.

Dito rin siya pinakanate-tense, at hindi iyon dahil sa pagka-intimidate dito kundi sa kung paano siya nito tingnan. Allistair looked at her as if he actually found her beautiful. And she found it... unnerving.

Hala, ano na ang nangyayari? Uwian na ba ito?

Tumayo na rin kasi sina Allistair at Tony. Lumapit

pa sa kanya ang bading na executive at ikiniling ang ulo sa kaliwa, pinag-aaralan ang reaksiyon niya.

Utang na loob, magsalita kayo!

Noon bumukas ang pinto at iniluwa ang isang magandang babaeng matangkad, morena at napakaganda. Maroon na wrap dress ang suot ng babae. Hanggang tuhod iyon. *Mary Jane* pumps ang sapatos nito. May set ng pearl accessories na suot. Naka-ponytail ang mahabang buhok at tamang-tamang ang makeup. Maaliwalas ang mukha nito at derecho ang tingin sa magkakapatid habang iniaabot sa mga ito ang ilang folder.

“Good morning, Maniegos. Pasensya na kung natagalan. Heto na ang mga tax reports na ni-request n’yo,” malambing na sabi nito.

Hindi niya maiwasang humanga sa babae. She moved with grace, she spoke softly yet clearly, babaeng-babae ngunit ismarte ang kilos. Ang tipo ng ganda nito ang puwedeng pang-beauty queen o supermodel.

“Thank you, Fiona. These are just in time,” narinig niyang sabi ni Allistair sa babaeng halos hindi niya hinihiwalayan ng tingin.

“You’re welcome,” masuyong sagot ng babae

bago ito pumihit upang lumabas na muli.

Marahil ay naramdaman nitong may nakatingin dito kaya nang mapadaan sa tabi niya ay nginitian siya nito.

Gumanti siya ng ngiti, habang mabilis na nag-iisip. Okay, kung tapos na ang interview at sa tingin nila ay kagaya rin siya ng ibang aplikante, puwes, ito na ang pagkakataon para ipakita sa tatlo na wala kay Allistair ang interes niya. Sinundan pa niya talaga ng tingin ang babae hanggang tuluyan itong makalabas ng pinto. Pagkatapos ay muling umayos ng tayo at parang walang nangyaring ibinalik ang tingin sa tatlo.

“Um, sorry about that,” hingi niya ang paumanhin at nagkunwaring medyo na-distract at nahihiya.

Manghang nakamulagat lang sa kanya ang tatlo. Mukhang bawat isa sa mga ito ay may gustong sabihin ngunit tila nalimutan na. Lahat ay tila pina-process pa kung ano ang ipapalagay sa malamang ay nakitang ginawa niya. The Maniego siblings who all seemed to be nerve-racking earlier were now looking at her as if she'd grown horns.

Perfect!

2

Hindi alam ni Allistair kung ano ang sasabihin. Nagkatinginan sila ng kanyang mga kapatid. Being together in the business for the past several years, sa tinginan pa lang ay alam na nila ang iniisip ng bawat isa pagdating sa ganitong mga klase ng desisyon. Ang totoo, impressed sila kay Julianna. Wala silang nakikitang anumang mali rito na maaaring magbigay ng impresyon na magiging katulad din ito ng mga napaalis niyang mga EA.

She didn't even budge when he deliberately prolonged the handshake and squeezed her hand earlier. Her hand was rough, unusual for a woman with her delicate looks. Hindi niya inaasahang mas maganda ito sa personal. Her resumé photo didn't do her justice. And her voice... a soft alto that seeped into him as she answered his questions. It was sexy and seductive.

Habang tinatanong niya ang babae kanina ay hindi niya magawang ialis ang tingin dito. Her huge almond eyes, those lovely lips moving as she spoke, that low, bedroomy voice stirred emotions and reactions within him that he hadn't felt in a long time.

Pero hindi niya alam kung paano ipapaliwanag ang nasaksihan ngayon lang. What the hell was that? The beautiful applicant just openly checked out their corporate lawyer's hot secretary!

Now there's no arguing that Fiona was a head-turner. Pero bago sa paningin niyang makita ang isang maganda ring babae na magpakita ng tila paghanga rito. Nang walang pag-aalinlangan. Na tila sanay itong may tinitingnang babae.

"So, Miss Rizal... before you came in, we actually have your exam results and feedback from the HR. And among all our applicants, you got the highest score and the most glowing recommendation. Almost perfect, in fact," saad ni Anj. Pormal ang boses nito ngunit halata rin sa tinig na gusto nito ang kausap.

Alanganing tumango lang si Julianna. Inilagay nito ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng pantalon nito.

"That being said, this interview wasn't really necessary. Formality na lang dapat ito. Pero dahil sa mga di magandang karanasan namin sa mga naging EA dati, gusto naming makasiguro," dagdag ni Tony.

Muli ay tumango si Julianna. Bahagya lang ang ngiti nito. Allistair couldn't quite figure out if she was

nervous or passive. Ngunit sigurado siyang ang gusto lamang nito ay marinig kung ano ang verdict nila sa application nito.

“This is a bit irrelevant but we couldn’t help noticing the way you checked out the beautiful woman who came in a while ago.” Tony remarked. Tila nanunukso na ang tinig nito.

Allistair wasn’t expecting Julianna’s reaction. She actually sheepishly smiled! Nahihiya ngunit tila hindi naman pinagsisisihan ang ginawa. Para lang itong batang nahuling namamapak ng masarap na ulam bago ang oras ng pagkain. She looked downright adorable! He blinked.

Oh man... That smile was doing something to him now.

“Allistair?” narinig niyang tawag ng Ate Anj niya.

Agad siyang napatingin dito. Nakataas ang isang kilay nito sa kanya. Matamang nakatingin pero nakangiti naman sa kanya si Tony. Tila sinasabing bahala na siya sa sasabihin niya. Na kung ano ang mapagdesisyunan niya ay ayos lang sa mga ito. Huminga siya nang malalim at tumingin muli sa babaeng nakatayo sa harap nila.

Tumikhim siya. Huminga nang malalim. “Well,

Miss Julianna Rizal, we're saying you're hired."

Tila hindi makapaniwalang napamulagat ito sa kanila. "I... I'm hired because I paid extra attention to the... chick... I mean, beautiful woman who's just stepped out?" halos pabulong na tanong nito.

Hindi niya mapigilang mapangiti nang narinig na tila sabay na parang nasamid at napaubo ang mga kapatid. "No, Miss Rizal. You're hired because we think you're the right person for the job."

Ang ganda ng ngiti nito bago walang pakialam na sumuntok sa hangin sabay sabi ng, "Yes!"

Naiiling na nagmasid na lang siya habang kinakausap ito ng mga kapatid niya para sa kaunting briefing.

The woman was going to be one interesting EA.

Nasa daan na siya patungo sa bagong opisina ay hindi pa rin makapaniwala si Jools. She really got that coveted EA job! Nalaman lang niya ang tungkol doon mula sa best friend na si Sienna na nagko-consign ng baked goodies sa cafeteria ng *AVMD*—ang kompanya ng mga Maniego—at sa iba pang opisina sa building niyon. May mga kachikahan na mga empleyado

ng AVMD ang best friend niya at ang mga iyon ang nagkuwento kung bakit palaging nababakante ang posisyon. But she vowed to get the job, and keep it.

Kaya naman pinagplanuhan nila ng kaibigan ang gagawin niya. Julianna would pretend and show the Maniegos that she was not interested in men at all. Na babae ang gusto niya. Ang totoo, sasabihin niya dapat sa mga mag-i-interview ang preference niya sakaling tanungin siya kung bakit sa tingin niya ay nararapat sa kanya ang trabaho. Luckily, talagang nabigyan siya ng pagkakataong maipakita ang pagiging 'lesbian' kuno niya. Buti na lang!

Nabawasan na ang pag-aalala niya sa lumalaking gastusin nila na nag-pile up na simula nang mag-resign siya sa huling trabaho kung saan na-harrass lang siya ng isang boss niya.

Una siyang nagtrabaho bilang admin staff sa isang TV network. Tumagal siya roon ng halos tatlong taon, ngunit nag-resign din nang hindi na niya kayanin ang matinding politika roon. Hindi siya puwedeng mawalan ng steady source of income dahil may pinag-aaral siyang kaaptid, bukod pa sa sinusuportahang pamangkin na gaya nila ng kapatid niya ay ulila na rin. Gusto na rin niyang pahintuin sa pagtitinda ng merienda sa University Belt ang

seisenta y cinco años na lola.

Kaya ngayon, kulang na lang ay tumalun-talon si Jools habang masayang naglalakad patungo sa bago niyang opisina. Sa halip na sumakay ng jeep pagkababa sa *LRT* ay pinili niyang lakarin na lang ang may tatlong kanto lang namang distansya mula sa station hanggang sa *Piedmont Tower*. Seven-thirty pa lang naman ng umaga. Eight-thirty pa ang umpisa ng trabaho niya.

She was really grateful for the new job. Akala niya ay hindi siya matatanggap. Hindi man aminin ng magkakapatid na Maniego ay siguradong napili siya ng mga ito dahil sa ipinakita niyang interes sa magandang baabeng pumasok sa boardroom noong interview niya. Nakokonsyensya siyang kinailangan niyang magpanggap ngunit sa isang banda ay natutuwa rin na napaniwala niya ang mga ito sa palabas niya. Mabuti na rin sigurong akalain ng mga ito na babae ang gusto niya dahil sa ganoong paraan ay mas makakapag-ingat siya. Ayaw niyang magaya sa mga naunang EA ni Allistair.

Hindi siya immune sa kaguwapuhan at charm nito. He also seemed to be a genuinely nice guy. Hindi rin niya masisi ang mga executive assistants nito dati kung bakit nahumaling ang mga ito sa binata. Pero

gaya ng paninindigan niya, mas matindi ang tawag ng pangangailangan niya sa pera kaysa sa pag-ibig. Kaya pag-iigihan na lang niya ang trabaho.

Nangingiting kinuha niya ang kanyang temporary ID mula sa bulsa ng backpack at isinuot iyon. Muli ay gender neutral ang kanyang suot. Simple lang ang kanyang makeup na ire-retouch niya bago dumerecho sa kanyang cubicle. Maayos na naka-ponytail ang kanyang buhok. Overall, kontento siya sa hitsura niya.

Ilang hakbang na lang siya patungo sa building mismo nang may marinig siyang bumusina. Paglingon niya ay nakita niyang nakadukwang malapit sa bintana ng passenger seat ng isang *Porsche Cayenne* si Alli. Nakangiti ito sa kanya ngunit nangungunot ang noo.

“Good morning, Julianna.”

Napangiwi siya. “Good morning, Sir. Puwede bang Jools na lang ang itawag mo sa akin?”

Nawala ang pangungunot ng noo nito. “Okay, Jools. Sakay ka na. Sabay na tayong umakyat. May elevator sa parking space ng executive officers na derecho na sa floor natin.” Ibinukas nito ang passenger door.

Hindi na siya tumanggi dahil nasa daanan sila at dahil nga astig siya, hindi uso ang magpakipot sa ganoong offer. “Ang galing naman,” saad niya at ngumiti rito pagsakay.

Tumaas lang ang isang kilay nito bagaman nakangiti pa rin bago muling nag-drive papasok sa basement parking. “It’s a security feature. Naglakad ka lang ba?”

Tumango siya. “Ang aga ko kasing nakarating ng Vito Cruz. Eh, baka ako pa ang magbukas ng office so nilakad ko na lang. Exercise na rin.”

“Excited ka, ’no?” tudyo nito. Nakapako sa pagmamaneho ang tingin ngunit halos hindi nawala ang ngiti sa magagandang mga labi ng binata.

“Siyempre! Isang buwan din akong natengga sa bahay. At siyempre, excited din ako dahil biggest break ko ito so far,” sagot niya.

Tumango-tango ang immediate boss niya. “That’s good. We’ll need your excitement and drive. Sana tumagal na ganyan ang attitude mo sa tuwing papasok ka sa trabaho. We have lots of work to do pero sinisiguro ko sa iyong hindi naman monotonous. Iyon nga lang, medyo hectic tayo ngayon at sana kaya mong mag-multitask.”

“Kaya kong magplantsa ng damit habang nag-aalaga ng bata at nanonood ng TV at kumakain,” agad niyang sabi.

Natawa ang lalaki nang malakas sa sinabi niya. Mulagat na tinitigan niya ito. It was a deep, hearty, and manly laugh. Sexy even. Ewan naman kung bakit iyong huli talaga ang naisip niyang description. “Kung makatawa ka naman.”

Lalo itong natawa. Not taking any offense. Iminaniobra nito ang sasakyan papasok sa isang reserved parking slot. “Well, kung ganoon ka kalupit mag-multitask, I guess mamaniin mo lang ang trabaho mo.” Pinatay nito ang makina at inalis ang seatbelt. “Wait, nag-aalaga ng bata?” curious na tanong nito.

“Pamangkin ko iyon. He’s a precocious five-year-old boy.” Sinalubong niya ang tingin nito.

His face was just a few inches away from hers and she caught a whiff of aftershave and mild cologne. Ang bango! Kung ganito kaguwapo ang titingin sa isang babae at malalaman niyang ganito pala kabango, malamang ay mawindang nga ang mahihina ang puso.

Marahang tumango ito, bago may dinukwang sa likod at kinuha ang isang malaking backpack. “Well,

let's officially start our day together, Jools,” anito at binuksan na ang pinto.

Bumaba na rin siya ng sasakyan at nagtungo na sa elevator na ilang hakbang lang ang layo mula sa pinagparadahan nito. Nang nasa loob na sila ay pabirong binangga nito ang balikat niya. “Have you had breakfast yet?”

Under different circumstances, she would have raised a brow in wonder at what he did. Ano iyon? Ngunit nang maalalang ang alam nito ay lesbian siya and therefore, hindi talo, meaning ‘pare’ siya, ay ngumiti lang siya rito.

“Tapos na. Goto at puto ni Lola sa bahay. ’Tapos nagtaho pa ’ko pagbaba ng *LRT*. Ikaw?”

“Tapos na rin, pero gusto ko pa sana ng donuts. Tara? Treat ko.” Pinagalaw-galaw pa nito ang mga kilay na tila nakikipagsabwatan sa kanya sa kung ano. Pagkuwa’y mabigat na ipinatong nito ang braso sa mga balikat niya. “Ano, game?”

Bahagyang napaawang ang mga labi niya habang nakatingin dito. Apart from the conspiratorial look, she could easily read in those eyes that he was sort of challenging her. And it made her nervous. Sinusubukan ba siya nito? Hindi ba niya ito napaniwalang tibo

siya? Huminga siya nang malalalim, hindi bumibitiw ng tingin dito.

“Game!”

Muling tiningnan ni Allistair ang oras. Quarter to six at maayos na natapos ang isa na namang araw na sa kauna-unahang pagkakataon pagkatapos ng matagal ding panahon ay kontento siya sa mga na-accomplish niya. Hindi rin ngarag o stressed ang pakiramdam niya, bagkus ay relieved pa nga siya dahil maraming natapos nang araw na iyon. And it was just Monday! All thanks to his new executive assistant who was proving to be very efficient. Tila mabilis nitong napag-aralan ang mga files at sistemang nasa computer nito. Hindi na rin ito nangailangan ng matinding supervision mula sa kanya.

Eksaktong alas cinco ay ipinasa nito sa kanya ang mga natapos nito. Nang tingnan niya ang mga iyon ay napahanga siya dahil hindi lang nito basta tinapos kundi maayos din nitong naisagawa ang trabaho.

Iniligpit na niya ang kanyang laptop at ilan pang mga gamit. Tumayo na siya, tinanggal ang mga plugs at pinatay ang mga ilaw sa opisina. Paglabas niya ay nakita niyang nakatingin pa sa computer screen si

Jools at tila sinisigurong properly shut down iyon. Nailing na lumapit siya rito.

“Uwian na. Tama na iyan. May bukas pa.”

Gulat na napalingon ito, sapo ang dibdib. “Wala namang gulatan, Bossing!” sabi nito.

Nang tuluyan nang maging blangko ang computer screen ay kinuha na nito ang bag at tumayo na.

Itinaas niya ang kamay. “Sorry na.”

Tumaas ang kilay nito. “Papasa kang akyat-bahay. Wala kang kaingay-ingay, eh.”

He smiled. He liked how she could talk to him like that. Ang totoo ay kanina pa niya ito sinusubukan. He was not really convinced that she was into women. Bagaman hindi nila direktang itinanong at wala rin silang narinig na pag-amin dito tungkol sa preference nito, ang pagpapakita ni Jools ng interes kay Fiona noong interview nito ang maaaring pangunahing dahilan kaya ito ang tinanggap nila. Kaya lang ay parang nahihirapan siyang paniwalaang lesbian nga ang babae. Bagaman medyo brusko itong kumilos at hindi rin masasabing kikay base sa nakikita niya—tila wala itong gaanong pakialam sa hitsura nito—hindi pa rin siya lubusang naniniwala na tomboy ang bagong assistant. Hindi niya alam kung bakit

hindi pa rin siya kumbinsido. Pero bakit naman ito magpapanggap na lesbian kung sakali?

“Boss, ano, may dapat pa ba akong gawin? Sabihin mo lang para mai-text ko ang kapatid ko na male-late ako ng konti ng uwi at...”

Itinaas niya ang isang kamay bilang senyas na huminto ito sa pagsasalita. “We may have done so much today but I’m no slave driver. Tapos na ang oras ng trabaho at kung napapansin mo, patay na ang mga ilaw sa opisina ko at ini-lock ko na ang pinto. Kung anuman ang dapat pang gawin, marami pang pagkakataon para tapusin iyon. Now...” He took a deep breath. “Where do you live so I can take you home?”

“Weh?” kunot ang noong sabi ng babae. Hindi niya maiwasang mapansin na ang cute nitong tingnan sa reaksiyong iyon. “Okay lang ako, Sir. Sa Balic-Balic ako nakatira. Kayang-kaya na sa *LRT* at jeep iyon.”

“Perfect! It’s on my way. Huwag ka nang sumiksik sa *LRT*.” Hinawakan niya ito sa isang braso. “Let’s go.”

Tila hindi makapaniwalang tinitigan siya nito. “Saan ka muna nakatira? Ayokong makaabala. Sanay akong sumiksik sa *LRT* at makipagbuno sa rush hour traffic.”

“New Manila,” sagot niya. “At sa Legarda at *Magsaysay Boulevard* ako dumadaan. So, let’s go?”
Marahang hinila na niya ito.

Ilang sandaling tiningnan muna siya ng babae, tila may binabasang kung ano sa mukha niya bago nailing na nagpatangay na rin.

He wondered if she could sense what he was trying to do.

3

Biyernes, at gaya nitong nakalipas na isang linggo mula nang mag-umpisa siya sa kanyang trabaho ay excited si Jools. Ngunit ngayong araw ay may kahalang tension iyon dahil male-late na siya. Eight twenty-seven nang bumaba siya sa tapat ng kanilang building at halos takbuhin niya ang hagdan paakyat sa entrance.

“Nasa itaas na ba si Bossing? Si Allistair?” tanong niya sa guard habang kinukuha ang bag paglabas niyon sa scanner.

Tumango ang guard. “Nasa itaas na po, Ma’am. Tinanong na nga din po niya kanina kung nasa office na kayo.”

“Nyay! O sige, salamat!” sabi niya at halos takbuhin na ang elevator.

The past four days had been hectic. Kinailangan niyang tapusin lahat ng pending na trabaho at mag-update ng samu’t saring files. She organized appointments and meetings for the next two weeks, at kung anu-ano pa. Maayos naman niyang natapos ang lahat ng iyon sa tulong ng mababait na mga

sekretarya ng mga kapatid nito at ng iba pang staff sa opisina, at maging ni Allistair mismo. They were all eager and willing to help. Tila tuwang-tuwa ang mga ito sa enthusiasm niya sa trabaho at sa pagiging organisado niya. Well, she'd had years of practice. At sa ganda ng ipapasuweldo ng *AVMD* sa kanya, sino ang hindi gaganahang magtrabaho?

Idagdag pa ang pagiging attentive ni Allistair sa kanya. Tila inaalagaan siya ng binata. Iniisip niya kung ganoon ito sa lahat ng nagiging EA nito. Inisip na lang niyang marahil ay komportable lang sa kanya ang binata at iniisip na hindi sila talo kung kaya parang sa isang kaibigan ang turing nito sa kanya. Simula noong Lunes ay kasabay niya itong umuuwi. Minsan ay sabay rin silang magtanghalian o magmerienda. Tila balewala naman iyon sa mga kaopisina niya at wala siyang napapansin ni katiting na bakas na naiintriga sila ng kanyang amo.

Pagbukas ng elevator sa kanilang office floor ay halos takbuhin niya ang patungo sa kanyang cubicle habang mabilis na binabati ang mga nadadaanang kaopisina. Tila mataas ang energy ng lahat dahil Biyernes. Parang wash day rin nila iyon dahil puwede silang magsuot ng casual clothes. Naisip tuloy niya kung ano kaya ang hitsura ni Allistair pag wash day. Nailing siya sa naisip. Pakialam ba niya sa isusuot

nito? Naroon siya para magtrabaho at hindi para bigyan ng assessment ang porma nito.

Pagdating sa kanyang cubicle ay agad niyang binuksan ang computer. Bago pa lang naglo-load ang screen nang umilaw ang intercom. Pinindot niya iyon at sinagot.

“Good morning, Boss! Kadarating ko lang. Sorry!” hinging paumanhin agad niya.

“It’s all right. Into my office now, please,” sabi nito at narinig na niya ang mahinang click.

Huminga siya nang malalim. Opisyal nang magsisimula ang araw niya. Iniwan niya ang cubicle at inilang hakbang lang ang opisina nito. Kumatok siya ng tatlong beses bago marahang itinulak ang pinto. Sa loob ay nakita niyang nakatayo si Allistair sa tabi ng mesa nito at may tinitingnang kung ano sa laptop. Light blue na may puting horizontal stripes ang collared shirt na suot nito katerno ang asul ding pantalong maong. Pagtingin niya sa sapatos nito ay lihim siyang napangiti. Sneakers ang suot ng kanyang boss. He looked refreshing in those very casual clothes and yet, it didn’t diminish his respectability and authority. Nag-angat ito ng tingin nang marahil ay maramdaman ang presensya niya. Ang karaniwan na ay brushed up na buhok nito ay bahagyang

tumatabing sa noo nito. It made his almost perfect chiseled features look younger than his thirty-one years and a little... dangerous. Ewan naman kung bakit parang gusto niyang bumuway sa pagkakatayo dahil sa tingin nito.

“You just got in?” tanong nito bago ngumiti.

Isang linggo na siyang nginingitian ni Allistair pero hindi niya maintindihan kung bakit di pa siya masanay. Kung bakit tila kinakabahan pa rin siya, at pakiramdam niya ay biglang nami-misplace ang utak niya.

“Yes, Sir. Pasensya na. I left home the usual time pero madaming tao sa *LRT* kaya—”

Itinaas nito ang isang kamay. “Whoa whoa whoa, relax! Ayos lang, Biyernes naman and I know na malupit ang traffic. Hindi mo kailangang magpaliwanag.” Iminuwestra nito ang isang upuan. “Sit down first.”

Alanganin ang ngiting naupo na lang siya. Iniwan siya ng binata at tinungo ang munting pantry ng malawak na opisina nito. Nang mawala ito sa paningin niya ay narinig niya ang tunog ng microwave oven. Marahil ay may pag-uusapan sila at maghahanda ito ng almusal. Ibang klaseng boss din ito. Tila gustung-

gusto nitong ito ang nagsisilbi sa kanya. Sa bawat pagkakataong pagsisilbihan siya nito ay napapansin din niya ang matamang mga tingin nito sa kanya, na tila binabasa ang kanyang mga reaksiyon.

Kaya naman mas maingat siya. Sinisiguro niyang consistent ang kanyang mga galaw at pagsasalita. Alam niyang ang ipinapakita nitong kabaitan at pagiging sweet sa kanya ay malamang na bahagi ng panunubok nito. Mukha kasing hindi gaanong kumbinsido ang lalaki na lesbian siya.

Muling tumunog ang microwave at mayamaya lang ay lumabas na si Allistair mula sa pantry hawak ang isang platito kung saan may nakapatong na malaking mug. Nakangiting iniabot nito iyon sa kanya kasunod ang ilang piraso ng tissue paper.

“Mainit ’yung mug, ha,” paalala nito. “Napansin ko kasing palagi kang may dalang malaking plastic cup ng taho nitong nagdaang mga araw at kanina n’ung malaman ko sa guard na wala ka pa, papaalis na ’yung magtataho na nagtitinda lagi diyan sa labas. Tinanong ko din siya kung nakabili ka na, sabi niya hindi pa, so ’ayan.” He smiled. “Ubusin mo. We have a long day ahead.”

Nakatingin lang siya rito habang hawak ang platitong may mug ng taho. Hindi niya alam kung ano

ang sasabihin. Madali lang namang magpasalamat pero nang mga sandaling iyon ay tila hindi niya iyon masabi man lang. Sure, it was just a simple gesture but it surprised her to find out that he had been paying that much attention and even made the effort.

She sighed. “Boss naman...” Sa wakas ay ngumiti rin siya rito. “Na-touch naman ako dito. Salamat, ha.”

Gaya ng dati ay mataman lang siyang tiningnan nito. “You’re welcome, Jools.”

Pasado alas seis na ay kapwa subsob pa rin sa kani-kanyang mga trabaho sina Alli at Jools. Pareho sila noong nasa opisina niya at kasalukuyang may tinatapos na reports at presentations para sa directors’ meeting sa susunod na linggo. Simula pa ala una ng hapon ay nagkulong na sila sa kanyang opisina at halos walang tayuan mula sa kani-kanilang mga ginagawa. Nakasalampak na ang babae sa carpet dahil mas komportable raw ito sa ganoong posisyon habang kaharap ang laptop at isang tambak na folders. Seryosong-seryoso ito sa ginagawa.

“I’m afraid we both have to stay until around seven or eight, Jools,” saad niya.

Nilingon siya nito, naniningkit ang mga mata

na tila inaaninag siya. “I know. Okay lang. Mukhang aabutin pa ng isang oras itong expense report ng *Gridlines 888*,” sagot nito na ang tinutukoy ay ang architecture and design firm ng *AVMD*.

“Ipahinga mo muna iyang mga mata mo. Mukhang pagod na. Baka masira iyan. Mahirap ang malabo ang paningin kahit pa magsalamin ka,” payo niya sabay tumayo na rin muna at nag-inat.

Sumunod ito. Habang patayo ay tumunog ang cellphone ni Jools. Tiningnan nito iyon at napangiti sa kung anong nabasa roon bago iyon ibinalik sa bulsa ng pantalon nito.

“Boss, lalabas lang ako saglit. Diyan lang sa lobby.”

Tumango lang siya bago tinungo ang water dispenser at nagsahod ng isang mug doon.

Sino kaya iyong nag-text?

Well, why was he interested?

This was quite a record. Isang linggo ang lumipas at ni hindi man lang nagpa-cute kahit katiting ang bagong executive assistant niya. Sa tuwing may gagawin siyang kung ano para rito gaya ng pagsisilbi ng pagkain o inumin ay tila palaging hindi nito iyon

inaasahan. Pagkatapos ay tinataasan muna siya ng kilay o kaya ay mapapailing bago ito magpapasalamat. No, she was never rude but it was as if all those things he'd done so far had not made an impact on her at all. Gusto niyang matawa sa tuwing maaalala ang ilang pagkakataong sinasadya niyang ilapit ang sarili rito para tingnan kung mailang ito pero bukod sa pagtataas muli ng kilay ay tinitingnan lang siya ng babae.

He felt bad but he had to satisfy his curiosity. Mukhang wala siyang epekto rito. Parang hindi ito interesado man lang sa kanya. Nakakahinayang sakaling totoo ngang lesbian ito. Not that he had anything against lesbians.

He checked his watch and stared at the door. Medyo matagal na ring nasa labas si Jools.

Ano na'ng nangyari d'un?

Oo nga at sinabihan niya itong magpahinga muna saglit pero ano at hindi pa ito bumabalik? Tinungo niya ang pinto at lumabas din. Halos wala nang tao sa office floor niya. Dere-derecho siya sa aisle patungo sa reception at lobby. Habang palapit siya ay rinig niya ang pagtatawanan ng dalawang babae. Ilang saglit pa ay nakita na niya si Jools na kinukulit ng isang magandang babae. Kung si Jools

ay androgynous pumorma, tila naman hinugot mula sa isang 1940's film ang babaeng kausap nito. The woman was wearing a brown floral dress and flat shoes. Pati ayos ng buhok nito na mahaba at alon-alon ay tila ginaya sa isang lumang pelikula. May dalawang metro na lang ang layo niya sa mga ito nang mapansin siya ng babae.

“Babe, lagot ka, sinundo ka na ng boss mo. Ikaw kasi, magkikita naman tayo sa Sunday, kung bakit ayaw mo pa akong paalisin,” sabi ng bisita sa assistant niya na ikinaawang ng bibig ng huli.

Tila hindi ito makapaniwala sa sinabi ng una.

Pagkuwa'y tumingin si Jools sa kanya. “Sorry, Bossing. Ang gulo kasi nitong si... si Sienna nga pala. Kung mukhang familiar siya, siya 'yung nagko-consign ng oatmeal cookies, muffins at tarts sa canteen n'yo.”

Agad na inilahad ng babae ang kamay nito. Tinanggap naman niya iyon at ngumiti rito. The woman seemed nice.

“Pleasure to meet you,” nakangiting sabi ng babae. “Balita ko mabait ka daw dito kay Jools ko. Huwag mong masyadong papagurin, ha?”

“Um, yes, sure,” naisagot na lang ni Allistair.

Ano ito, girlfriend talaga ni Jools?

“I have to get back to work, Sien. Thanks dito.” saad ni Jools sabay taas ng isang maliit na paper bag. Pagkatapos ay bumaling na sa kanya. “Aalis na si Sienna, Bossing. Bye, Sien—”

He folded his arms. Mataman niyang tiningnan si Jools. Noon lang niya ito nakitang tila naiilang. Either she wanted to get back to work or just get rid of Sienna.

“It’s okay to call me Allistair or Alli, Jools. Hindi naman ako endorser ng *Tide* at host ng *Eat Bulaga* para tawagin mong ‘bossing’.”

“Okay, Alli.” Bumuntong-hininga ito. “Let’s get back to work.”

“No way, saglit na lang. Five minutes, okay lang ba, Mr. Maniego?” sabi ni Sienna sabay hila sa braso ng EA niya.

Kunot ang noong tiningnan niya ang dalawa bago napatango na lang. “Fine. Five minutes. Then back to work. We have a deadline to beat,” aniya bago naiiling na tinalikuran na ang mga ito at naglakad pabalik sa kanyang opisina.

Ngunit ilang hakbang pa lang ang nagagawa niya

ay hindi makatiis na nilingon niya ang dalawa, at nakita niyang muli ay nagkukulitan na ang mga ito.

Well, is that a confirmation or what? And why on earth am I hating it?

“Gaga ka talaga! Kailangan talagang ipamukha mo nang bonggang-bongga d’un sa tao na mag-jowa kuno tayo? Eh, alam na nga niyang Tiburcia ako,” maktol ni Jools nang makitang nakalayo na si Alli.

Pilyang ngumiti lang sa kanya ang kaibigan. “Nakita mo ang reaksiyon niya? Mukhang hindi niya nagustuhan ang paglalandian natin. At parang di niya ako gusto para sa ’yo.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Huwag kang maingay! Kapag ako nawalan agad ng trabaho—”

“Magkakaroon ka naman ng jowa.”

“Sien, isang linggo pa lang ako dito. Ayokong masisante. I intend to keep this job for as long as I could. And besides, that guy thinks I’m into women. Kaya ’wag kang mag-ilusyong maging Cupid diyan.” Pinamaywangan niya ito.

“Okay, so let’s wait until they make you regular.” Parang walang naririnig na sabi nito, ngiting-ngiti sa

kanya.

“Baliw ka ba? Hindi nga puwede, 'no! Kapag na-in love ako sa isang iyon, tapos ang career ko.” Naiiling na iginiya niya ang kaibigan sa elevator. “Ang labo mo, 'Te! Ikaw ang nakaisip nitong pagpapanggap kong lesbian pero ngayon ibinubuyo mo ako kay Bossing.”

“Alli.” Itinaas nito ang hintuturo. “Alli ang itawag mo sa kanya. I believe this is the first time he emphasized that.”

“Well, yeah. Pero hindi iyon ang point, ang point dito, kailangan kong maging consistent para hindi ako matanggal sa trabaho, okay? At para maging consistent, walang feelings na involved dapat, maliwanag?”

Tiningnan siya ng kaibigan. “Ang guwapo kasi... bagay kayo. Ewan ko ba.”

Itinirik niya ang mga mata. “Alam mo, adik ka lang. Umuwi ka na nga. Iniistorbo mo ang trabaho ko.”

“Oh my God! Kayo lang sa office ngayon? Kuwentuhan mo ako kapag may nangyari, ha!” Nanlalaki ang mga matang sabi nito sabay pisil sa braso niya.

Agad siyang pinamulahan ng pisngi sa narinig.
“You’re crazy.”

“Uyy, may kung anu-anong imagery ang pumapasok sa utak mo, ’no? Mga Rated SPG—”

“Gaga ka! Uwi na!” At halos itulak na niya ang kaibigan papasok sa bumukas na elevator. Naiiling na nagmartsa na siya pabalik sa opisina habang tila naririnig pa rin ang mataginting na tawa nito.